Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
No: ______
Date: JUN 0 8 2020 By: ______
RELEASED

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

Division Advisory No. 039, s. 2020
June 8, 2020
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(*Visit www.depedzn.net*)

**Timpalak Para Sa Sanaysay ng Taon 2020**

Hinggil sa email na natanggap ng Opisina Ng Sangay Ng Zamboanga del Norte mula sa Komisyon Ng Wikang Filipino (KWF) ay nais ipabatid sa mga mahihikayat na lumahok nitong **Timpalak Para sa Sanaysay ng Taon 2020**.

Bukas ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.

**Ang paksa ng sanaysay ay pagtalakay sa saliksik hinggil sa kahalagahan at tungkulin ng wika sa paghubog ng kasaysayan ng Filipinas at kulturang Filipino.**

Kailangang nasa wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mula sa ibang wika. Marapat na hindi ito magkukulang sa 15 pahina ay hindi rin sosobra sa 30 pahina.

Kalakip ng pagpapayo na ito ang mga Tuntunin ng Patimpalak at ang mga kailangang isumite ng kalahok hanggang Hulyo 15, 2020.

Para sa karagdagang detalye, tumawag sa telepono blg. 0928-8441349 o mag-email sa kwf.timpalak@gmail.com.

**MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V**
Tagapamanihala Ng Sangay



"Be and Do Much Better Each Day with a Sense of Urgency"
Service with a Heart

# Sumali sa Sanaysay ng Taón 2020

**Mga Tuntunin:**

1. Ang Sanaysay ng Taón ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda.
2. Bukás ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.
3. **Ang paksa ng sanaysay ay pagtalakay sa saliksik hinggil sa kahalagahan at tungkulin ng wika sa paghubog ng kasaysayan ng Filipinas at kulturang Filipino.**
4. Kailangang nása wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mula sa ibang wika. Marapat na hindi ito magkukulang sa 15 pahina at hindi rin sosobra sa 30 pahina.
5. Bílang saliksik, kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nitó sa mga tuntuning nakasaad sa *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat*.
6. Ang mga kailangang isumite ng kalahok ay ang sumusunod:
   1.
   - Portable Document Format (PDF) ng lahok na may format na Font-12, Arial, may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid sa A4 page lay-out.
   - Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) ang ipinadalang entri at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
   - Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok (PDF)
   - Pormularyo sa paglahok (PDF)
   - Curriculum vitae at/o bionote ng kalahok (may 2×2 retrato) at may maksimum na 2MB lamang ang file (PDF)
   - Government Issued ID (PDF). Para sa mga mag-aaral hanggang senior high school, pahihintulutan ang ID ng paaralan.

7. Ang pagsusumite ng lahok ay ipadadala sa pamamagitan ng email at pagrehistro on-line.

   -
   - Ipadala ang: (1) Lahok; (2) Notaryadong Pagpapatunay na Orihinal ang Lahok; (3) Pormularyo ng Paglahok; (4) Curriculum Vitae/ at o Bionote; at (5) Government Issued ID sa timpalak@gmail.com
   - Kapag natanggap ang ipinadalang lahok, makatatanggap ng link para sa online rehistrasyon na sasagutan ng kalahok.
   - Tanging lahok lamang na may kompletong dokumento ang isasali sa timpalak

8. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 15 Hulyo 2020, 5:00 nh.

9. Magpapadala ang KWF ng email ng kumpirmasyon sa lahok.

10. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

- 
- **Unang gantimpala: P20, 000.00 at karangalang maging "Mananaysay ng Taón", medalya, at plake;**
- **Pangalawang gantimpala: P15,000.00 at sertipiko**
- **Pangatlong gantimpala: P10,000.00 at sertipiko**

11. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

12. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

13. Para sa karagdagang detalye, tumawag sa telepono blg. 0928-8441349 o mag-email sa kwf.timpalak@gmail.com.

# Sumali NA!

Ang Sanaysay ng Taón ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda.

# Sanaysay ng Taón 2020

Ang paksa ng sanaysay ay pagtalakay sa saliksik hinggil sa kahalagahan at tungkulin ng wika sa paghubog ng kasaysayan ng Filipinas at kulturang Filipino.



Ang pagsusumite ng lahok ay ipadadala sa pamamagitan ng email at pagrehistro online. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 15 Hulyo 2020.